




Ang Rezūm Water Vapor Therapy ay mabilis at in-office na pamamaraang gumagamit ng natural na enerhiyang nasa water vapor, o steam, upang paliitin ang mga lumaking prostate.^{1,2}



Bago
Maaaring ipitin ng lumaking prostate ang urethra, na pinapahirap ang pagdaloy ng ihi sa pantog.

Pagkatapos
Kasunod ng paggamot gamit ang Rezūm Therapy, gagaling ang iyong katawan at mawawala ang sobrang tissue, bubukas ang urethra at tuloy-tuloy na makakadaloy ang ihi.

Ang representasyong ito ay para lang sa paglalarawan. Hindi nito ginawa para ipakita ang clinical performance.

Karaniwang isinasagawa ang Rezūm Therapy sa opisina mismo ng iyong urologist, o sa isang pang-outpatient na pasilidad para sa operasyon.

Sa bawat 9 na segundong paggamot, naglalabas ng sterile na water vapor sa tina-target na tissue ng prostate. Nag-iiba ang bilang ng mga paggamot depende sa laki ng iyong prostate.

Sa paglipas ng panahon, ia-absorb ng natural na pagpapagaling ng iyong katawan ang ginamot na tissue, na magpapaliit sa prostate. Kapag naalis ang sobrang tissue, bubukas ang urethra, na magpapahupa sa mga sintomas ng BPH.

Ang karamihan sa mga pasyente ay nagsisimulang makaranas ng pagbuti ng sintomas sa loob lang ng dalawang linggo, at posibleng makuha ang maximum na benepisyo sa loob ng tatlong buwan.^{*1,2}

Puwede at talagang magkakaiba ang mga epekto nito sa pasyente.

Bakit dapat piliin ang Rezūm Water Vapor Therapy?

Kung nakakaranas ka ng BPH, nagbibigay ng maraming benepisyo ang Rezūm Therapy.



Wala nang gamot sa BPH at side effect ng mga ito³



Ipinapakita ng mga klinikal na pag-aaral na pinapawi ng Rezūm Therapy ang mga sintomas sa ligtas/epektibong paraan^{1,2}



Nararamdaman ng karamihan sa mga pasyente ang pagbuti ng sintomas sa loob ng dalawang linggo^{*1,2}



In-office/pang-outpatient na therapy¹



Hindi nangangailangan ng general anesthesia¹



Pinapanatili ang kakayahang sekswal¹



Kakayahang bumalik sa mga regular na aktibidad sa loob ng ilang araw^{*1,2}



Pangmatagalang pagbuti ng sintomas¹



Walang permanenteng implant




Binigyan ng clearance ng FDA; Kasama sa mga alituntunin ng American Urological Association

“Nagpasya akong sumailalim sa Rezūm dahil nakita kong may mga side effect ang mga gamot o ilan sa mga operasyon na ayaw kong pagdaanan.”

– Tim, pasyente ng Rezūm

Puwede at talagang magkakaiba ang mga epekto nito sa pasyente.



Naghahangad ng pangmatagalang pagbuti ng mga sintomas ng BPH?



Gumigising oras-oras upang umihi?



Mabilis maihi?



Kaunti ang inihi?



Mga side effect ng mga gamot sa BPH?

Paano kung may mas magandang paraan upang malaman ang pinanggagalingan ng iyong BPH at makaranas ng kapansin-pansin at pangmatagalang ginhawa?

Ginagamot ng Rezūm Water Vapor Therapy ang pinanggagalingan ng Benign Prostatic Hyperplasia (BPH) – ang iyong lumaking prostate. Ginagamit ng mabilis at in-office na pamamaraan na ito ang natural na enerhiyang nasa ilang patak ng tubig upang paliitin ang prostate. Upang tuloy-tuloy na makadaloy ang ihi. Walang paghiwa, walang general anesthesia, at nakakabalik ang karamihan sa mga pasyente sa mga regular na aktibidad sa loob ng ilang araw.* At, pinapanatili nito ang kakayahang sekswal.^{1,2}

Pinapagaan nang husto ng Rezūm ang buhay. Bakit papatagalin pa?

Manood ng video tungkol sa BPH at Rezūm Therapy

Sundin ang madadaling hakbang na ito:



- 1 Buksan ang camera app ng iyong telepono
- 2 Itapat ang camera sa QR code square at mababasa ng iyong telepono ang code
- 3 I-tap ang alerto sa itaas ng iyong screen upang i-play ang video

Posibleng walang suporta sa QR code sa pamamagitan ng iyong camera ang ilang telepono. I-type lang ang [Rezūm.com/Video](https://www.Rezum.com/Video) sa iyong browser upang mapanood ang video.

Upang matuto pa tungkol sa Rezūm Therapy at kung paano nito ligtas at epektibong mapapahupa ang mga sintomas ng iyong BPH, bisitahin ang [Rezūm.com](https://www.Rezum.com).

Ang lahat ng paggamot ay may mga likas at nauugnay na panganib. Ang Rezūm System ay ginawa upang ibsan ang mga sintomas, bara, at bawasan ang tissue ng prostate na nauugnay sa BPH. Iminumungkahi ito para sa mga lalaki ≥ 50 taong gulang na may volume ng prostate na $30\text{cm}^3 \leq 80\text{cm}^3$. Iminumungkahi rin ang Rezūm System para sa paggamot sa prostate na may hiperplasia ng gitnang bahagi at/o ng median lobe. Kasama sa mga potensyal na panganib ang, pero hindi limitado sa, masakit na pag-ihing (dysuria), dugo sa ihi (hematuria), dugo sa semilya (hematospermia), pag-unti ng inilalabas na semilya, pinaghinhinalaang urinary tract infection (UTI), at dalas ng pag-ihing, pagpipigil ng ihi, o bilis ng pag-ihing. Dapat mong kausapin ang iyong doktor tungkol sa mga benepisyo at panganib bago magpatuloy sa anumang opsyon sa paggamot.

MGA SANGGUNIAN AT DISCLAIMER

*Nakadepende sa indibidwal na kalagayang medikal at pagpapagaling.

1. McVary KT, Rogers T, Roehrborn CG. Rezūm water vapor thermal therapy for lower urinary tract symptoms associated with benign prostatic hyperplasia: 4-year results from randomized controlled study. *Urology*. 2019 Apr;126:171-9.
2. McVary KT, Gange SN, Gittelman MC, et al. Minimally invasive prostate convective water vapor energy (WAVE) ablation: A multicenter, randomized, controlled study for the treatment of lower urinary tract symptoms secondary to benign prostatic hyperplasia. *J Urol*. 2016 May;195(5):1529-38.
3. Roger K, Gillig P. *Fast Facts: Benign Prostatic Hyperplasia*, ika-7 edisyon. Health Press. 2011.

Babala: Iniaatas ng Pederal na batas ng U.S. na ibebenta lang ang device na ito kung o kapag iniutos ng doktor.

Hindi matitiyak ang mga resulta sa iba pang sitwasyon batay sa mga resulta mula sa mga case study. Posibleng mag-iba ang mga resulta sa iba pang sitwasyon.

Magkakaiba ang indibidwal na paggaling. Posibleng hindi kumatawan sa lahat ng sitwasyon ang karanasan.

Binayaran ng Boston Scientific ang mga pasyente para sa kanilang oras.

Ang mga nilalaman ng brochure na ito ay para sa Pagbibigay-kaalaman lang at hindi maituturing na medikal na payo at hindi dapat gamitin para sa mga medikal na diagnosis. Lubos na inirerekomenda ng Boston Scientific na kumonsulta ka sa iyong doktor sa lahat ng usaping may kinalaman sa iyong kalusugan o upang tugunan ang anumang tanong sa medisina o paggamot.

Pag-aari ng Boston Scientific ang lahat ng larawan.

Pag-aari ng mga kaukulang may-ari ang lahat ng trademark.

Ang [Rezūm.com](https://www.Rezum.com) ay isang website na sino-sponsor ng Boston Scientific.

©2020 Boston Scientific Corporation or its affiliates.

All rights reserved. URO-562805-AB AGO 2020

MULA SA BOSTON SCIENTIFIC ANG NILALAMAN. NAKATUON ANG BOSTON SCIENTIFIC SA PAGBABAGO NG MGA BUHAY SA PAMAMAGITAN NG MGA MAKABAGONG MEDIKAL NA SOLUSYONG NAGPAPABUTI SA KALUSUGAN NG MGA PASYENTE SA BUONG MUNDO.

Rezūm™
Water Vapor Therapy

Boston Scientific™
Advancing science for life™



Hindi maiistorbo ng pag-ihing ang pagtulog sa gabi dahil sa Rezūm.



Ang Rezūm™ Water Vapor Therapy ay natural na alternatibo sa operasyon. Ginagamot nito ang dahilan ng iyong BPH, upang makabalik ka sa dati.